



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2021-0010
Title	Handling of Employer Requests to Compromise, Waive or Release, in Whole or in Part, Interests and/or Surcharges and Payment of Premium Arrears through Installment Arrangements

Tanong	Sagot
Ano ang layunin ng Circular na ito?	Upang makapagbigay ng alituntunin at gabayan ang mga employers na makapagbayad ng kanilang 'di nabayaranang kontribusyon ng hulugan, lalo na ang mga bayaring nalapatan ng malaking interes.
Sino-sino ang mga sakop ng Circular na ito?	<p>Sakop nito ang mga employer, sa pribado at pampublikong sektor, na may bayaring kontribusyon na may karampatang interes simula noong taong 2017 hanggang sa kasalukuyan. Saklaw din nito ang kahilingan ng mga employer sa pagpapa-waive ng interes at pagbabayad ng mga nalaktawang kontribusyon kasama ang interes at/o surcharge ng hulugan o installment.</p> <p>Samantala, hindi sakop ng Circular na ito ang mga bayarin ng employer mula sa Unwarranted Claims.</p>
Ano-ano ang mga alituntunin sa Circular na ito?	<p>a. Hindi maaaring ipa-waive ang pagbabayad ng interes kung ang pagkaantala sa pagbabayad ng premium o ang pagbabayad ng lagpas sa itinakdang deadline ay dahil sa kapabayaang ng employer.</p> <p>b. Ang lahat nang nalaktawang kontribusyon ay dapat na bayaran ng employer. Bago mag-apply para sa pagpapa-waive ng interes at/o surcharges, dapat munang mabayaran ang lahat ng 'di pa nabayaranang kontribusyon, minsanang pagbabayad man o hulugan, batay sa halagang dapat bayaran sa kaukulang buwan.</p> <p>c. Isang beses lamang maaaring mag-apply ang employer para sa pagpapa-waive ng interes at/o surcharges para sa kabuuang babayaranang pagkakautang sa parehong pagkakataon.</p> <p>d. Ang pagbabayad ng mga nakaligtaang kontribusyon nang hulugan at/o pagwe-waive ng karampatang interes/surcharge ay pahihintulutan lamang sa mga sumusunod na kundisyon na may kalakip na kaukulang pagpapatunay:</p> <p>d.1 Para sa mga employer sa pampublikong sektor:</p>

8/3/21

d.1.1. Kakulangan sa bayad ng premium dulot ng pagkakaiba ng premium rates ng PhilHealth at ng itinakdang budget mula sa Kagawaran ng Badyet at Pamamahala o ang DBM;

d.1.2. Pagkaantala ng pagbibigay ng badyet mula sa DBM sa ahensya, subalit kailangang magbayad kaagad kapag natanggap na ang kaukulang pondo para sa pambayad ng kontribusyon sa PhilHealth;

d.1.3. Pagkaantala ng pagbibigay ng badyet mula sa Central Office ng ahensya papunta sa mga regional / branch/local offices para sa mga promoted o newly-hired na empleyado.

d.1.4. Pagkaantala ng pagbibigay ng unang sahod ng empleyado dulot ng pagkaantala sa pagproseso at pag-apruba ng mga kailangang dokumento.

d.1.5. Pagkaantala ng sahod ng empleyado dulot ng extended vacation, maternity o sick leave;

d.1.6. Salary adjustments ng mga empleyadong na-promote o na-demote o 'yung mga sumailalim sa preventive suspension o similar na sitwasyon na hindi sumahod ngunit napawalang-sala sa kaso o naibalik sa trabaho at nakatanggap ng "back wages";

d.1.7. Pagkaantala sa pag-proseso ng huling sahod ng empleyado; at,

d.1.8. Pagkaantala sa pagbabayad dulot ng force majeure o pagdeklara ng kalamidad sa lugar ng ahensya.

d.1 Para sa mga employer sa pribadong sektor:

d.2.1. Pagkalugi ng employer sa loob ng tatlong (3) taon na kailangang patunayan sa pagsumite ng mga dokumento tulad ng duly audited financial statements, Bureau of Internal Revenue (BIR) Form 1601-C o 1604-F, at Social Security System (SSS) R-3 o R-8;

d.2.2. Pagkaantala sa pagbabayad dulot ng force majeure o pagdeklara ng kalamidad sa lugar ng tanggapan ng employer; at,

d.2.3 Pagkalugi dulot ng mga karanasang personal na maaaring basehan ng humanitarian consideration na lubhang nakaapekto sa katayuang pampinansyal ng employer.

8/3/21

<p>Ano ang dapat gawin ng mga employer na gustong magbayad ng hulugan?</p>	<p>a. Sumulat sa PhilHealth Regional o Branch Office na nakasasakop sa lugar ng kanilang tanggapan na nagsasaad ng mga dahilan sa pagkaantala ng pagbabayad kalakip ang mga kaukulang dokumento. Maaari ring magbigay ng payment proposal ang employer kung gaano katagal babayaran ang buong halaga at magkano ang magiging buwanang hulog.</p> <p>b. Maaaring bayaran ang kabuuang halaga ng hulugan hanggang animnapung (60) buwan o limang (5) taon na may karagdagang monthly surcharge sa mga pagbabayad na lalampas ng isang (1) taon:</p> <table border="1" data-bbox="678 632 1360 800"> <thead> <tr> <th>Term</th> <th>Monthly Surcharge</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td>13 to 24 monthly installments</td> <td>0.5%</td> </tr> <tr> <td>25 to 36 monthly installments</td> <td>1.0%</td> </tr> <tr> <td>37 to 48 monthly installments</td> <td>1.5%</td> </tr> <tr> <td>49 to 60 monthly installments</td> <td>2.0%</td> </tr> </tbody> </table> <p>c. Lahat ng payment proposal mula sa mga naturang employer na matatanggap ng PhilHealth ay susuriin ng isang komite sa regional office para gumawa ng rekomendasyon kung aaprubahan o tatanggihan ang naisumiteng proposal.</p> <p>d. Kapag naaprubahan na ang payment proposal, maaari nang magbayad ang employer ayon sa umiiral na patakaran ng PhilHealth sa Regional o Branch Office sa lugar na kinasasakupan ng employer.</p>	Term	Monthly Surcharge	13 to 24 monthly installments	0.5%	25 to 36 monthly installments	1.0%	37 to 48 monthly installments	1.5%	49 to 60 monthly installments	2.0%
Term	Monthly Surcharge										
13 to 24 monthly installments	0.5%										
25 to 36 monthly installments	1.0%										
37 to 48 monthly installments	1.5%										
49 to 60 monthly installments	2.0%										
<p>Kailan magiging epektibo ang mga alituntuning inilahad sa Circular na ito?</p>	<p>Ito ay magiging epektibo labinlimang (15) araw matapos na ma-publish ang Circular sa pangunahing pahayagan.</p> <p>Ang Circular ay na-publish noong Hulyo 29, 2021 sa The Manila Times.</p>										

[Handwritten signature] 8/3/21